



TALAN NG KAALAMAN

JUDKINS PARK STATION AREA CURBSPACE ACCESS

Enero 2023


BACKGROUND AT LAYUNIN NG PROYECTO

Ang pagbubukas ng hinaharap na Judkins Park light rail station ay magdadala ng mas mataas na pangangailangan para sa paradahan sa nakapalibot na lugar. Bilang bahagi ng proseso ng Environmental Impact Statement (EIS), ang Sound Transit at SDOT ay nagtutulungan upang mabawasan ang mga epekto sa nakapalibot na kapitbahayan. Gamit ang mga teknikal na pag-aaral sa paradahan, mga kagamitan sa pamamahala ng paradahan, at input mula sa komunidad, kami ay gagawa ng diskarte sa pamamahala ng curbspace na gagabayan ng mga sumusunod na layunin:

- Balansehin ang mga pangangailangan ng iba't ibang gumagamit ng curbspace sa bagong lugar ng istasyon
- Pigilan ang buong araw na paradahan ng commuter sa mga kalye ng kapitbahayan ("hide and ride" parking)
- Bawasan ang mga potensyal na epekto ng pagsisikap ng paradahan mula sa bagong Judkins Park light rail station sa mga nakapaligid na kapitbahay, negosyo, at organisasyon
- Itaguyod ang paglakad, pagbisikleta, at mga transit na koneksyon papunta/ mula sa bago istasyon ng light rail

PALATAKDAAN NG ORAS NG PROYECTO

Q1-Q2 2023	Q3-Q4 2023	2024
Ilathala ang pag-aaral sa paradahan sa lugar at magpadala ng paunang panukala na mayroong survey	Paunang panukala/ RPZ Public Hearing	Pangwakas na Plano at Pagpapatupad



PINAG-AARAL LUGAR NG PARADAHAN

Bilang bahagi ng mga pagsusumikap sa pagpapagaan ng epekto nito, pinag-aaralan ng Sound Transit ang paradahan sa loob ng 1/4 milya mula sa bagong istasyon. Aming pinapalawak ang pagsisikap sa pag-aaral na iyon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pag-aaral sa paradahan sa loob ng 1/2 milya na lugar, na ipinapakita sa asul sa mapa.

MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Gamit ang kamakailang data ng pag-aaral sa paradahan, kami ay gumagawa ng panukala sa pamamahala ng curbspace na nakatutok sa lugar na pinakamaapektuhan ng bagong istasyon. Kasama sa lugar na ito ang mga bloke sa loob at paligid ng 1/4 milyang lugar na pumapalibot sa bagong istasyon.

MANATILING KONEKTADO

Mag-email sa amin sa JudkinsParkLR@seattle.gov o kami ay tawagan sa (206) 584-3443 Matuto nang higit pa sa aming webpage ng proyekto: www.seattle.gov/transportation/judkinspark



Seattle Department of Transportation